**Ang Every Student Succeeds Act (ESSA) ay nilagdaang isabatas noong Disyembre 10, 2015, at muling nagpapahintulot sa** Elementary and Secondary Education Act of 1965 (ESEA). Binuo ang ESSA batay sa mga estado ng pagtatrabaho, Local Educational Agency (LEA), distrito ng paaralan, paaralang pinopondohan ng gobyerno (charter school), pantribong paaralan, at paaralang pinatupad sa loob ng mga nakaraang ilang taon. Inuuna ng muling pinahintulutang batas ang kahusayan at pagkakapantay-pantay para sa ating mga mag-aaral at sumusuporta sa mahuhusay na tagapagturo. Bilang bahagi ng ESSA, ang mga LEA at paaralan ay dapat na maglaan sa mga magulang ng mga sumusunod:

1. Indibidwal na mga report card na nagbibigay-alam sa iyo ng pagsulong ng iyong anak.
2. Ang mga propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro at katulong na tagapagturo (instructional paraprofessional).
3. Notipikasyon na ang guro ng mag-aaral ay may limitadong sertipikasyon/paglilisensya mula sa estado.
4. Impormasyon sa mga pagsusuri ng estado at lokal.
5. Patakaran ng estado o LEA-pakikibahagi ng mag-aaral sa mga pagsusuri.

**Report Card para sa Bawat Mag-aaral**

May karapatan kang malaman kung gaano kahusay ang pagsulong ng iyong anak. Ang mga paaralang nagsasagawa ng mga programa sa Title I, Part A ay dapat na gumawa ng isang report card para sa bawat mag-aaral na nagpapaliwanag kung gaano kahusay ang nakuhang puntos ng mag-aaral sa pagsusuri ng estado kahit man lang sa pagbasa, mga kasanayan sa wikang English, at matematika.



**Ang Programang Title I, Part A** ay nagbibigay-daan sa mga LEA at paaralan na mag-alok ng mga serbisyo at pamamagitan na tutulong sa mga mag-aaral na nahihirapang matuto. Ang Title I, Part A ay isa sa maraming programang kontrolado ng ESSA. Ang dalawang uri ng mga programa na maaaring pondohan ng mga paaralan sa pamamagitan ng Title I, Part A ay ang Pambuong Paaralan (Schoolwide) at Naka-target na Tulong (Targeted Assistance).

- Ang Pambuong Paaralan ay nangangahulugang ang lahat ng mag-aaral—batay sa pang-akademikong pangangailangan—ay kwalipikadong makatanggap ng mga karagdagang pagtuturo na popondohan ng pederal na programang ito.
- Ginagawang posible ng Naka-target na Tulong na magbigay ng gayunding benepisyo ngunit para lang sa mga piniling mag-aaral batay sa akademikong pangangailangan.

**Makipag-ugnayan sa Amin**

Opisina ng Title I, Part A
360-725-6100

Office of Superintendent of Public Instruction
Old Capitol Building
PO Box 47200
Olympia, WA 98504-7200

Title I, Part A online
**www.k12.wa.us/TitleI/default**

U.S. Department of Education
1-800-USA-LEARN (872-5327)

Ang OSPI ay naglalaan ng pantay na access sa lahat ng programa at serbisyo nang walang diskriminasyon batay sa kasarian, lahi, pananampalataya, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, edad, beteranong napaalis sa serbisyo nang may karangalan o estadong pangmilitar, sekswal na oryentasyon kabilang ang pagpapahayag ng kasarian o pagkakakilanlan, ang pagkakaroon ng anumang kapansanang pandama, mental, o pisikal. Ang mga tanong at reklamo ng di-umano'y diskriminasyon ay dapat na idulog sa Equity and Civil Rights Director sa (360) 725-6162 o P.O. Box 47200 Olympia, WA 98504-7200.

## Magulang/Mga Tagapag-alaga

# Karapatan na Makaalam

## Mga Programang Title I, Part A



Office of Superintendent of Public Instruction, TitleI/LAP Department

# Ang Karapatan Mong Makaalam

## Mga Propesyonal na Kwalipikasyon ng mga Guro at Paraeducator

Ang mga magulang ng mga batang pumapasok sa mga paaralan sa Title I, Part A ay may karapatang humiling at tumanggap ng impormasyon tungkol sa mga kwalipikasyon ng guro at mga parapropesyonal na nagtuturo sa mga mag-aaral.

### Mga Kwalipikasyon ng Guro

Para sa mga guro, sa minimum, ang mga impormasyong ibinigay sa iyo ay dapat na magpaliwanag sa tatlong mahahalagang bahaging ito ng mga kwalipikasyon ng isang tagapagturo.  Kung ang guro ba ng mag-aaral ay–

- ✓ Nakaabot sa pamantayan sa kwalipikasyon at paglilisensyang ng estado para sa mga tinuturuang baitang at larangan ng asignatura na tinuturo ng guro.
- ✓ Nagtuturo sa ilalim ng emergency o iba pang mga pansamantalang kalagayan kung saan hindi hiniling ang pag-abot sa pamantayan ng kwalipikasyon o paglilisensya ng estado.
- ✓ Nagtuturo sa larangan ng kasanayan ng sertipikasyon ng guro.

### Mga Kwalipikasyon ng mga Paraeducator

In the Title I, Part A program, paraprofessionals must work under the supervision of a certified teacher. In schools that operate a Schoolwide program, all paraeducators must meet professional qualifications. In a Targeted Assistance program, any paraeducator who is the direct supervision of a certificated teacher must meet professional qualifications.

To meet Title I, Part A program requirements, paraeducators must have a high school diploma or GED and must have:

- ✓ Nakatapos ng hindi bababa sa dalawang taon ng pag-aaral sa isang institusyon ng mas mataas na edukasyon; o mas mataas na degree; o
- ✓ Nakakuha ng isang associate o mas mataas na degree; o
- ✓ Nakapas sa ETS ParaPro Assessment. Sinusukat ng pagsusuri ang mga kasanayan at kaalaman sa nilalaman na nauugnay sa pagbabasa, pagsusulat at matematika;
- ✓ Dati nang nakakompleto sa mga kinakailangan sa pagiging apprentice, at dapat na magpasa ng journey card o sertipiko. Ang portfolio at pagiging apprentice ay hindi na iniaalok para sa pagpapatala; gayunman, patuloy na tatanggapin ng Office of Superintendent of Public Instruction (OSPI) ang landas na ito.

## Notipikasyon Kung ang Guro ng Bata ay May Limitadong mga Kinakailangang WA na Estadong Sertipikasyon/Paglilisensya

Dapat makatanggap ang mga magulang ng napapanahong paunawa na ang kanilang anak ay naitalaga, o naturuan sa loob ng higit sa apat na magkakasunod na linggo ng isang guro na may limitadong sertipikasyon/ paglilisensya ng estado. Matuto pa online tungkol sa mga kinakailangan para sa guro at parapropesyonal sa:

Professional Educational Standards Board (PESB) www.pesb.wa.gov  or
Title II, Part A–Teacher and Principal Quality: www.k12.wa.us/TitleIIA

### Impormasyon sa Estado at Lokal na mga Pagsusuri

Dapat makatanggap ang mga magulang ng impormasyon sa bawat pagsusuri na kinakailangan ng estado at distrito. Dapat kasama sa impormasyong ito ang:

1. Asignatura kung saan ibinatay ang pagsusuri.
2. Layunin ng pagsusuri.
3. Pinagkunan ng kinakailangan.

Kung available ang impormasyon, dapat magbigay ang mga LEA at paaralan (kabilang ang pag-post sa kanilang website) ng:

- ✓ Inaasahang haba ng oras at iskedyul para sa mga pagsusuri.
- ✓ Oras at format para sa pagbabahagi ng mga resulta.

### Impormasyon sa Pakikibahagi ng Estado o ng Mag-aaral sa ilalim ng Patakaran ng LEA sa Pagsusuri

Sa simula ng bawat taon ng paaralan, dapat ipagbigay-alam ng LEA sa mga magulang na maaari silang humiling (at magbibigay ang LEA) ng impormasyon may kinalaman sa anumang estado o patakaran ng LEA tungkol sa pakikibahagi ng mag-aaral sa alinmang pagsusuri na iniutos ng Section 1111(b) (2), at ng estado o LEA. Dapat kasama sa impormasyon ang isang patakaran, pamamaraan, o karapatan ng magulang na huwag isali ang bata sa naturang pagsusuri, kung naaangkop. [ESSA Section 1112 (e)(2)(A)]

**Bakit Kailangan ang Pagsusuri ng Estado?** Ang mga distrito ng paaralan at komunidad ay magkakaiba sa buong estado. May karapatan ang mga pamilya na malaman kung paano sumusulong ang kanilang anak patungo sa pagiging kwalipikado sa kolehiyo at pagiging handa sa karera. Kailangan malaman ng mga distrito kung ang curriculum na napili nila para ituro sa kanilang mga mag-aaral upang maabot ang s mga pamantayan sa pagkatuto ng estado ay epektibo, o kung dapat ba silang gumawa ng mga pagsasaayos.

Ang pagsusuri ng estado ay kinakailangan ng batas ng estado (RCW 28A.230.095) at ng batas pederal (Elementary and Secondary Education Act). Matuto pa tungkol sa kung bakit kinakailangan ang pagsusuri sa Website ng Madalas na Itanong (Frequently Asked Question Website) ng Pagsusuri: www.k12.wa.us/assessment/StateTesting/FAQ.aspx